



# FILIPINO COMMUNITY IN BRISTOL

FLAT 7, THE GLEBE, GLEBE ROAD, BRISTOL, ENGLAND, BS5 8LU  
TEL. / FAX NO. 0117-9414672

San Pedro: Ikaw anung ikinamatay mo?

1st Gentleman:

Pag-uwi ko po kasi ng condo inabutan ko yung asawa ko nakahubad at gulat na gulat na wari ay di nya akalain na mapapaaga ako ng uwi . Sa galit ko dali dali kong hinanap yung kung sino man yung hayup na lalaki na kumakana sa misis ko. Hinanap ko sa ilalim ng kama, sa loob ng cabinet, sa banyo, wala ang putangxxxng yun. Naisipan kong luambas sa terrace laking gulat ko at may nakita akong kamay na nakasabit sa terrace. Sa galit ko ay dumampot ako ng paso at ibinagsak ko sa kamay. Ang tinamaan ng lintek, pagbagsak eh sumabit muna sa puno bago tuluyan bumagsak sa lupa. Kikisay-kisay pa ang hayup, di ako nakuntento at sa sobrang galit ko nabuhat ko yung ref naming at inihulog ko sa hayup na yun. Sa sobrang galit ko nanikip ang dibdib ko at inatake ako.

San Pedro: Natangay kalang pala ng simbuyo ng iyong damdamin, abswelto ka. Pumasok ka na.

Next. Ikaw anong ikinamatay mo?

2nd Gentleman:

Nageexercise lang po ako sa rooftop ng condo ng maisipan kong maglambaras, Ang kaso nadulas po ako at nahulog, buti na lang napakapit ako sa terrace ng 22nd floor, ang kaso po eh may lumabas na galit na galit na lalake at binagsakan ng paso yung kamay ko, nahulog po ako pero buti na lang at sumabit muna ko sa puno dahilan ng pagbagal ng aking pagbagsak. Kaso po pagdilat ko may maliit na puting bagay na unti-unting lumalaki at yun na lang po ang naalala ko.

San Pedro: Abswelto ka rin, pwede ka na pumasok.

Next. Ikaw anong ikinamatay mo?

3rd Gentlemaniac:

Huwag po kayong maingay dun sa dalawang nauna kasi po ako yung nasa loob ng REF!